

# GABAY SA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON PARA SA MGA NAKALIGTAS

Mga booklet na isinalin sa: Español, हिन्दी, English, Tiếng Việt, 中文, & ਪੰਜਾਬੀ

# Mahal na Nakaligtas,

Ikaw ay isang taong natatangi, kahanga-hanga, maganda at kami ay lubos na nagpapasalamat na naging konting bahagi ng iyong paglalakbay tungo sa kaligtasan, seguridad, at pag-asa. Ang anumang uri ng karahasan at pang-aabuso ay maaaring magdulot ng pangmatagalang pisikal, sikolohikal, at emosyonal na pinsala. Ang karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, at trafficking sa tao ay maaaring maging lalong nakakapinsala dahil madalas itong ginagawa ng mga taong ating kilala, pinagkakatiwalaan, at mahal natin. Maaaring ikaw ay nakakaramdam ng pag-iisa, pagkatakot, may pagkakasala, pagkahiya, o walang pag-asa. Lahat ng nararamdaman mo ay balido. Una sa lahat, wala kang ginawang kasalanan sa anumang bahagi ng pang-aabusong iyong pinagdaanan. At, tiyak na hindi ka nag-iisa. Mayroong ilang mga organisasyon na naririto upang suportahan ka batay sa iyong mga pangangailangan at priyoridad. At dagdag sa mga programa at mapagkukunan, bilang isang nakaligtas sa isang krimen, mayroon kang mga karapatan. Ang gabay na ito ay isinulat sadyang para sa iyo. Naglalaman ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang nakaligtas at mga mapagkukunang magagamit mo. Sana ay maging kapaki-pakinabang ang gabay na ito sa iyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagtaguyod kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa impormasyong nakapaloob sa buklet na ito. Narito ang iyong tagapagtaguyod upang suportahan ka at itaguyod ang iyong mga pangangailangan. Kung wala ka pang tagapagtaguyod, mangyaring makipag-ugnayan sa isa sa mga ahensyang nakalista sa seksyon ng mga mapagkukunan ng buklet.

Maging maalalahanin sa iyong sarili.
Ipagmalaki mo ang iyong sarili.
May nagmamahal sa iyo. Ikaw ay mahalaga.
At, ikaw ay may saysay.

# MGA PAGKILALA

Ang Mga Survivor Booklet ay nilikha para sa, at direktang ipinaalam ng, mga nakaligtas sa karahasan batay sa kasarian sa Santa Clara County. Ang input mula sa mga nakaligtas ay nakolekta sa pamamagitan ng mga focus group sa iba't ibang wika.

Kabilang dito ang South Bay Coalition to End Human Trafficking's Survivor Advisory Council at Community Solution's Promotoras na nagbahagi ng kanilang kadalubhasaan at konsultasyon nang paisa-isa o bilang bahagi ng maliliit na sesyon ng pag-aaral.

Gusto naming pasalamatan ang mga sumusunod na organisasyon para sa kanilang trabaho sa VRAP: Community Solutions, Evident Change, the South Bay Coalition to End Human Trafficking, Maitri.

*Ang Victim Rights Advocacy Project (VRAP) ay pinondohan ng Santa Clara County Office of Gender-Based Violence Prevention (OGBVP) Research and Policy Grants.

# TALAAN NG NILALAMAN


## PAHINA ISA

Ano ang Trafficking ng Tao?

## PAHINA DALAWA

Ano ang Dahas?
Ano ang Panloloko?
Ano ang Pamimilit?

## PAHINA TATLO

Ano ang pagiging kumpidensyal?
Ano ang pribilehiyo?

## PAHINA APAT

Ano ang aking mga karapatan bilang nakaligtas ng trafficking sa tao?

## PAHINA LIMA

Ano ang isang kumpidensyal na tagapagtaguyod ng trafficking sa tao?

## PAHINA ANIM

Ano ang tungkulin ng isang kumpidensyal na tagapagtaguyod sa pagsuporta sa akin?

## MGA PAHINA PITO AT WALO

Ano ang Tagapagtaguyod ng Biktima/Saksi?

## PAHINA SIYAM

Anong mga serbisyo ang nakalaan para sa akin?
Kailangan ko bang bayaran ang mga serbisyong ito?

## PAHINA SAMPU

Anong mga benepisyo ang nakalaan para sa akin?

# TALAAN NG NILALAMAN


## PAHINA LABING-ISA

Ano ang sariling-sikap at pagpapatatag sa ekonomiya?
Anong mga programa para sa sariling-sikap ang nakalaan para sa akin?

## PAHINA LABING-DALAWA

Hindi ako nakakapagsalita ng Ingles, paano ako maaaring makipag-ugnayan sa mga serbisyo at suporta?
Paano kung ako ay walang papel? Ako ba ay made-deport?

## PAHINA LABING-TATLO

Ano ang mangyayari kung ire-report ko ang pang-aabuso sa departamento ng pulisya?
Saan ako maaaring pumunta kung ako ay nasa panganib o kung walang matirahan?

## PAHINA LABING-APAT

Ano ang aking mga alternatibo sa pabahay?
Anong mga proteksyon ang umiiral para matiyak na ligtas ako sa trabaho?

# TALAAN NG NILALAMAN


## PAHINA LABING-LIMA

Ako ay may mga anak at ako ay natatakot na sila ay mapahamak o mawala sa akin. Sino ang makakatulong sa akin?

## PAHINA LABING-ANIM

Paano kung ako ay may mga anak at gusto kong dalhin sila kung iiwanan ko ang aking trafficker?

## PAHINA LABING-PITO

Ano ang abogado ng karapatan ng biktima?

## PAHINA LABING-WALO

Ano ang Sekswal na Pag-atake?

## PAHINA LABING-SIYAM

Ano ang karahasan sa tahanan?
Ano ang karahasan sa pamilya?

## MGA PAHINA BEINTE - DALAWAMPU'T APAT


Mga Kontak ng Mapagkukunan

# Ano ang trafficking sa tao?

Ang trafficking sa tao ay isang krimen na kinabibilangan ng paggamit ng pwersa, pandaraya, o pamimilit upang pagsamantalahan ang isang tao para sa ilang uri ng paggawa/serbisyo at/o (mga) komersyal na gawaing pakikipagtalik. Ang trafficking sa tao ay maaaring hatiin sa apat na pangunahing kategorya: trafficking sa seks, trafficking sa paggawa, pagkaalipin sa tahanan, at komersyal na pagsasamantalang sekswal sa mga bata. Ang mga indibidwal na wala pang 18 taong gulang na pinilit na magsagawa o gumawa ng isang komersyal na gawaing pakikipagtalik, samakatuwid, gawaing pakikipagtalik kapalit ng mga pangunahing pangangailangan, ay hindi kailangang magpakita ng anumang pwersa, panloloko, o pamimilit. Ang mga menor de edad o kabataan ay hindi maaaring pumayag ng legal sa anumang gawaing pakikipagtalik, at kung kaya't itinuturing na biktima ng trafficking sa tao at nasa kanila ang lahat ng karapatan at proteksyon na ayon sa batas.












## Ano ang Dahas?


Ang dahas ay maaaring kaparehas ng pisikal na pang-aabuso- pananakit, pagsampal, pagtulak, sekswal na pag-atake at/o panggagahasa, at pisikal na pag-atake.



## Ano ang Pandaraya?

Ang pandaraya ay sinasabing isang huwad na pangako. Naipapaliwanag ng maraming nakaligtas ang pandaraya sa pagpapakita ng kanilang trafficker na nagpapaliwanag ng isang magandang trabaho sa isang banda, ngunit ang mga pangakong ito ay naging hindi makatotohanan.







## Ano ang Pamimilit?

Ang pamimilit ay mahirap makita dahil ito ay sinasabing isang panghihikayat sa isang tao na gumawa ng isang bagay na gumamit ng dahas o pagbabanta. Ang mga pagbabanta ay maaaring laban sa biktima, pamilya, o isang tao/isang bagay na mahal nila. Ito ang mga bagay na hindi mo nakikita ng pisikal, ngunit may malaking ginagampanan sa pagkontrol sa isang tao.





## Ano ang pagiging kumpidensyal?



Ang pagiging kumpidensyal ay nangangahulugan ng pagpapanatiling pribado ng impormasyon at hindi ibinabahagi sa sinuman. Ang ilan sa mga propesyonal ay kinakailangang ipanatiling pribado o kumpidensyal ang mga impormasyong ibinabahagi sa kanila ng mga kliyente. Kabilang dito ang mga abogado, therapists, at mga tagapagtaguyod. Ang pagiging kumpidensyal ay mahalaga para maibahagi mo ang iyong iniisip, damdamin, at inaalala ng walang takot na malaman ng iba ang ibinahagi mo.






## Ano ang pribilehiyo?

Ang pribilehiyo ay isang legal na tuntunin na nagpapanatili ng mga komunikasyon sa pagitan ng mga kliyente at ilang partikular na propesyonal na pribado at ligtas mula sa pagsisiwalat sa korte. Ang iyong kumpidensyal na tagapagtaguyod ng trafficking sa tao ay maaaring maggiit ng pribilehiyo kung hihilingin silang tumestigo tungkol sa sinabi mo sa kanila na pribado.



## Ano ang aking mga karapatan bilang nakaligtas sa trafficking sa tao?

May karapatan kang magkaroon ng isang tagapagtaguyod at tagasuporta na iyong pinili para makasama sa mga panayam sa mga tagapagpatupad ng batas at mga tagausig. Maaari ka ring samahan ng tagapagtaguyod sa mga pagdinig sa korte at namamagitan. May karapatan kang makakuha ng kopya ng mga ulat ng pulisya na tumukoy sa iyo bilang biktima.





Gayundin, kung ang taong nang-abuso sa iyo ay kinasuhan ng isang krimen, mayroon kang mga karapatan sa ilalim ng Batas ng Marsy. Binabalangkas ng Konstitusyon ng California ang mga karapatan ng mga biktima ng krimen. Ang mga karapatang ito ay kilala rin bilang "Marsy's Law". Ipapaliwanag sa iyo ng iyong tagapagtaguyod ang mga karapatang ito. Ikaw rin ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo sa kompensasyon ng biktima. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagtaguyod at hilingin sa kanila na ipaliwanag sa iyo ang iyong mga karapatan.



## Ano ang isang kumpidensyal na tagapagtaguyod ng trafficking sa tao?

Sa ilalim ng batas ng estado maaaring panatilihing kumpidensyal ng ilang tagapagtaguyod na nakikipagtulungan o nagboluntaryo sa mga ahensya ng trafficking sa tao ang mga pag-uusap nila sa kanilang mga kliyente. Kabilang dito ang pag-iingat ng mga rekord tulad ng tala o email. Kung nakikipagtulungan ka sa kumpidensyal na tagapagtaguyod, ayon sa batas kung ano ang sasabihin mo sa kanila ay mananatiling kumpidensyal maliban na lamang kung pumirma ka ng pagpapalaya. Gayunpaman, maaaring kailangang iulat ng ilang tagapagtaguyod ang pang-aabuso sa bata at matanda, o kung ang isang tao ay gustong saktan ang sarili o ibang tao, at may plano kung paano gagawin ang pinsala. Ang iyong tagapagtaguyod ay magpapaliwanag sa iyo kung may anumang mga impormasyon ang hindi nila mapapanatiling kumpidensyal.








# Ano ang tungkulin ng isang kumpidensyal na tagapagtaguyod sa pagsuporta sa akin?








Narito ang iyong tagapagtaguyod upang magbigay ng kumpidensyal na suporta at tagapagtaguyod para sa iyong mga karapatan. Depende sa iyong mga pangangailangan, matutulungan ka ng iyong tagapagtaguyod na makahanap ng mga mapagkukunan at suporta. Ang mga serbisyong ibinibigay ay maaaring mag-iba ayon sa ahensya. Tanungin ang iyong tagapagtaguyod ung anong mga serbisyo ang maaari mong magamit.






Iuugnay ka rin ng iyong tagapagtaguyod sa mga abogadong makakatulong sa mga isyu sa imigrasyon, batas ng pamilya, pabahay, at mga benepisyo sa serbisyong panlipunan. Maaari ka ring samahan ng iyong tagapagtaguyod sa mga pagdinig sa korte, at mga panayam sa mga tagapagpatupad ng batas, mga tagausig, at mga abogado ng depensa. Susuportahan ka ng iyong tagapagtaguyod sa wika na pinili mo. Minsan ito ay nangangahulugan ng paggamit ng isang propesyonal na tagasalin. Kun ggagamit ng tagasalin, magiging kumpidensyal pa rin ang mga pag-uusap. Huwag mag-atubiling ibahagi sa iyong tagapagtaguyod ang anumang bagay tungkol sa iyong kultura na pinaniniwalaan mong mahalaga para malaman ng iyong tagapagtaguyod.

# Ano ang Tagapagtaguyod ng Biktima/Saksi?

Ang mga tagapagtaguyod ng biktima/saksi ay karaniwang matatagpuan sa loob ng opisina ng abogado ng distrito sa bawat county. Nagsisilbi silang koneksyon mo sa mga tagausig, tagapagpatupad ng batas at iba pang ahensya ng hustisyang kriminal upang matiyak na mayroon kang boses



sa proseso ng hustisyang kriminal. Ang iyong biktima/saksi na tagapagtaguyod ay maaaring magbigay sa iyo ng masusing pangkalahatang-ideya ng sistema ng hustisyang kriminal sa pamamagitan ng pagtulong sa iyo na maunawaan mo kung ano ang mangyayari pagkatapos mag-ulat ng isang marahas na krimen, kung paano ipatupad ang iyong mga karapatan sa ilalim ng Batas ng Marsy, tulungan ka sa pagkuha ng mga update sa kaso ng kriminal, at suportahan ka sa panahon ng mga pagdinig at patotoo sa korte. Matutulungan ka rin ng



mga tagapagtaguyod ng biktima/saksi na mag-aplay sa programa ng California Victim Compensation Board



(CalVCB), isang programa na nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga gastos na may kaugnayan sa krimen, mula sa sariling bulsa. Tinutulungan ng mga tagapagtaguyod ng biktima/saksi ang lahat ng biktima ng marahas na krimen anuman ang edad, background, kita, o katayuan sa imigrasyon.

# Ano ang Tagapagtaguyod ng Biktima/Saksi?

## Mga limitasyon sa pagiging kumpidensyal:

Ang mga tagapagtaguyod ng biktima/saksi ay bahagi ng pangkat ng prosekusyon. Samakatuwid, mayroon silang tungkulin sa konstitusyon sa ilalim ng panuntunan ng Brady na ibunyag ang exculpatory, o anumang impormasyon na maaaring makaapekto sa isang kasong kriminal – nangangahulugan lamang ito na hindi kayang talakayin sa iyo ng iyong biktima/saksi na tagapagtaguyod ang anumang katotohanan ng isang kasong kriminal. At hindi ka dapat magsalita tungkol sa alinman sa iyong mga nakaraang aksyon o pag-uugali na maaaring makaapekto sa iyong kredibilidad sa korte.



Ang panuntunan ng Brady ay nagmula sa kaso ng Brady v. Maryland noong 1963 na Korte Suprema na nagpatunay na ang sinumang bahagi ng pangkat ng prosekusyon(mg aabogado, pulis, biktima/tagapagtaguyod ng saksi) ay kailangang magbigay ng lahat ng ebidensya sa depensa. Kabilang dito ang ebidensya na maaaring makatulong sa pagtatanggol na ipakita na sila ay inosente sa krimen na kinasuhan (kilala bilang ebidensyang exculpatory).




## Anong mga serbisyo ang nakalaan para sa akin?




Bagama't walang garantiya ng anumang serbisyo, ang ilang mga serbisyong maaaring nakalaan para sa iyo ay kinabibilangan ng: pang-emerhensiyang pagkain at tirahan o hotel, tulong sa pagpaplanong pangkaligtasan, tulong sa mga papeles ng utos ng pagbabawal, mga serbisyo sa wika, transportasyon sa ilang mga lakad, pagsama, pag-uugnay sa mga serbisyo s a pangangalaga ng bata, atbp.







Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagtaguyod upang talakayin kung ano ang iba pang mga serbisyo at suporta na magagamit mo.




## Kailangan ko bang magbayad para sa mga serbisyo?



Ang lahat ng serbisyong ibinibigay ng mga kumpidensyal na tagapagtaguyod ay walang bayad at nakalaan sa iyong una o piniling wika. Gayundin, tanungin ang iyong tagapagtaguyod tungkol sa posibleng suportang pinansyal na magagamit mo para magbayad ng ilang partikular na bagay tulad ng gas, pagkain, mga bayarin, cell phone, at mga gastusing medikal.

## Anong mga benepisyo ang nakalaan sa akin?



Maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng estado at pederal bilang isang nakaligtas. Maaaring kabilang dito ang CalFresh/SNAP, Medi-cal, at tulong na pera.



Upang maging karapat dapat para sa mga benepisyong ito, kinakailangan mong magpakita ng ilang uri ng katayuan, kabilang ang patuloy na presensya. Ang Patuloy na Presensya ay isang uri ng katayuan sa imigrasyon na nakalaan para sa isang hindi US citizen na nagbibigay-daan sa tao na pansamantalang manatili sa United States at hindi mapapailalim sa pagpa-deport. Ang mga internasyonal na nakaligtas ay maaari ding maging karapat-dapat para sa TVAP sa sandaling mapatunayan nila ang patuloy na presensya.





## Ano ang sariling-sikap at pagpapatatag ng ekonomiya?



Ang sariling-sikap ay ang kakayahang pangalagaan ang iyong sariling mga pangunahing pangangailangan, tulad ng tirahan, pagkain, damit, at anumang pangangailangan para sa iyong mga anak. Ang pagpapatatag ng ekonomiya ay ang pamamahala sa sarili mong pananalapi at pagkakaroon ng sariling pinagkukunan ng kita sa pamamagitan ng trabaho o mga benepisyo. Ang layunin ng mga programang ito sa adbokasiya ay para sa mga nakaligtas na maging masikap at magkaroon ng pag-unlad sa ekonomiya.



## Anong mga programa sa sariling-sikap ang nakalaan para sa akin?



Maaari kang maging karapat-dapat na lumahok sa indibidwal at/o grupo ng programang sariling-sikap. Makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod tungkol sa mga partikular na programang nakalaan para sa iyo at kung paano magpalista.

## Hindi ako nagsasalita ng Ingles, paano ako makikipag-ugnayan sa mga serbisyo at suporta?




May karapatan kang magkaroon ng tagasalin sa una o sa wikang pinili mo kapag nakikipag-ugnayan ka sa tagapagpatupad ng batas o mga tagausig, sa mga pagdinig sa korte, sa panahon ng mga medikal na pagsusuri, at kapag nakikipag-tulungan sa iyong mga kumpidensyal na tagapagtaguyod. Siguraduhin na kung makikipag-ugnayan ka sa alinman sa mga ahensya na ito, mangyaring humingi ng tagasalin nang maaga. Para sa karagdagang impormasyon kung paano humiling ng interpretasyon, mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod.





## Paano kung wala akong papel? Maipapadeport ba ako?

Ang imigrasyon ay isang masalimuot na proseso at halos walang madaling sagot. Gayunpaman, may mga alternatibong tulong sa imigrasyon para sa mga nakaligtas sa trafficking sa tao. Mangyaring makipag-usap sa isang abogado ng imigrasyon tungkol sa anumang mga alalahanin sa imigrasyon. Maaaring iuugnay ka ng iyong tagapagtaguyod sa isang abogado para sa isang libreng konsultasyon.



## Ano ang mangyayari kung isusumbong ko ang pang-aabuso sa departamento ng pulisya?

Kung ikaw ay nasa panganib, mangyaring tumawag sa 911. Mayroon kang mga karapatan anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon. Narito ang pulisya upang protektahan ka at hindi dapat magtanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon. Kung gagawin nila ito, maaari mong tanggihan na sagutin ang kanilang tanong. Upang maunawaan kung ano ang mangyayari pagkatapos na magsumbong sa pulisya, mangyaring makipag-ugnayan sa lokal na Victim Witness Unit para sa paliwanag sa proseso ng pagrereklamong kriminal. (408) 295-2656.

Kung mas gusto mong makipag-usap sa isang abogado bago makipag-usap sa pulisya, magtanong sa iyong tagapagtaguyod para sa isang mapagkukunan.


## Saan ako maaaring pumunta kung ako ay nasa panganib o walang lugar na matirahan?

Kung ikaw ay nasa panganib o walang matitirahan, mangyaring tawagan ang isa sa mga ahensya ng trafficking sa tao na nakalista sa huling pahina ng buklet na ito. May mga ahensya sa trafficking sa tao na available 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, at narito upang suportahan ka ng pang-emerhensiyang tirahan o hotel.

## Ano ang aking mga alternatibo sa pabahay?



May mga batas na nagpoprotekta sa mga nakaligtas sa trafficking sa tao mula sa hindi makatarungang pagpapaalis. Gayundin, maaaring iugnay ka ng iyong tagapagtaguyod sa mga pangmatagalang serbisyo sa pabahay, kung ito ang bagay na kailangan mo. Makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang nangungupahan, at tungkol sa mga pangmatagalang alternatibo sa pabahay.





## Anong mga proteksyon ang umiiral upang matiyak na ligtas ako sa trabaho?

Mayroong ilang mga batas na nagpoprotekta sa mga nakaligtas sa trafficking ng tao sa lugar ng trabaho. Kabilang dito ang pagtiyak ng isang ligtas na kapaligiran at mapayagan ang mga nakaligtas na magkaroon ng kinakailangang oras sa paglahok sa legal na proseso. Ipaalam sa iyong tagapagtaguyod kung kailangan mo ng libreng konsultasyon sa isang abogado sa batas sa pagtatrabaho upang talakayin ang iyong mga karapatan.



## May mga anak ako at natatakot akong mapahamak sila o mawala sila sa akin. Sino ang makakatulong sa akin?



Alam ng karamihan ng mga nakaligtas sa trafficking ng tao ang kanilang (mga) trafficker. Ang mga trafficker ay maaaring miyembro ng pamilya ng nakaligtas, kasintahan, o isang tao mula sa parehong bansang pinagmulan. Sa kadahilanang ito, nahaharap ang mga nakaligtas sa karagdagang mga panganib sa kaligtasan at mga hadlang sa pag-iwan sa isang mapagsamantalang sitwasyon. Ang mga nakaligtas na may mga anak sa kanilang trafficker ay maaari ring matakot sa kapahamakan sa kanilang mga anak. Kadalasan, ang mga indibidwal na nananakit sa kanilang mga kapareha ay nananakit din sa kanilang mga anak; o ginagamit ang mga bata upang manipulahin at kontrolin ang kanilang kapareha. Sa kabutihang palad, ilang mga batas ng pamilya ang ipinapatupad upang mapataas ang kaligtasan ng nakaligtas at matiyak na ang mga bata ay maaaring manatili sa mga hindi nanakit na magulang. Makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod tungkol sa pakikipag-ugnayan sa isang abogado ng batas ng pamilya na maaaring magbigay ng legal na payo at mga alternatibo sa iyong natatanging sitwasyon.

## Paano kung may mga anak ako at gusto kong dalhin sila kapag iniwan ko ang aking mapang-abusong kapareha?






Maaaring dalhin ng mga nakaligtas sa trafficking ng tao ang kanilang mga anak kung kailangan nilang umalis sa kanilang tahanan dahil sa mga alalahanin sa kaligtasan at maghain ng Report ng Mabuting Dahilan. Kausapin kaagad ang iyong kumpidensyal na tagapagtaguyod kung nagpaplano kang umalis kasama ang iyong mga anak. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Report ng Mabuting Dahilan (Good Cause Report), tumawag sa (408) 792-2921 (Santa Clara County Child Abduction Unit ng Family Violence Division).



# Ano ang abogado ng karapatan ng biktima?

Ang mga biktima ng isang marahas na krimen ay may ilang mga karapatan, kabilang ang karapatang tratuhin nang may dignidad at ang karapatan sa kabayaran para sa pinsala o kawalan . Ang mga abogado ng mga karapatan ng biktima ay maaaring makatulong sa mga nakaligtas sa iba't ibang paraan, tulad ng pagsasalita para sa kanila sa korte o sa isang pagdinig sa paghatol. Ipaalam sa iyong tagapagtaguyod kung gusto mong may malaman pa tungkol sa mga abogado ng mga karapatan ng biktima. Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa Justice at Last, isang nonprofit na tagapagbigay ng mga legal na serbisyo ng mga karapatan ng biktima t. Ang Justice at Last ay nagsisilbi sa Santa Clara at mga nakapaligid na Counties sa Bay Area at maaaring tawagan sa 650-918-0719, o sa pamamagitan ng email sa info@justiceatlast.org







Ang ilang biktima ng Trafficking sa Tao ay nakaharap din ng iba pang sitwasyon ng pang-aabuso/karahasan, gaya ng Sekswal na Pag-atake (SA) o Karahasan sa Tahanan (DV). Mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng alinman sa SA o DV.

## Ano ang Sekswal na Pag-atake?




Kasama sa sekswal na pag-atake ang hindi ginustong sekswal na pakikipag-ugnayan sa anumang sekswal na gawain na ginawa ng isang tao sa iba nang walang pahintulot. Ang mga legal na elemento ay maaaring magkaroon ng paggamit o pananakot ng dahas, banta ng karahasan, pamimilit, pagbabanta sa isang pangatlong partido, at kawalan ng kakayahan ng biktima dahil sa mga partikular na kadahilanan na pumipigil na makapagbigay ng pahintulot. Ang krimen ng sekswal na pag-atake ay naka-kodigo sa lahat ng 50 estado na may mga pagkakaiba sa mga pahayag at mga parusa.






## Ano ang karahasan sa pamilya?



Ang karahasan sa pamilya ay nangyayari kapag ang isang tao ay inabuso o sinaktan ng isang kamag-anak. Ang kamag-anak ay maaaring kadugo (kapatid, magulang, o anak), o kamag-anak sa pamamagitan ng kasal ( biyenang lalaki/biyenang babae, bayaw/hipag). Ang pang-aabuso ay maaaring emosyonal, pinansyal, pisikal, at/o sekswal.





## Ano ang karahasan sa tahanan?

Ang karahasan sa tahanan ay kilala rin bilang pang-aabuso sa matalik na kapareha o karahasan sa matalik na kapareha at ito ang nangyayari kapag ang isang tao ay gumagamit ng karahasan, pananakot, panlalait (insulto), pamimilit, pagmamanipula, sekswal na pang-aabuso, paghihiwalay, o iba pang mapang-abusong pag-uugali para kontrolin ang kanilang kapareha.



# Mga Kontak sa Mapagkukunan

## Asian Americans for Community Involvement (AACI) **(VSP)**

408-975-2739

Lugar ng Serbisyo: Santa Clara County

Mga Wika: Chinese (Mandarin, Wenzhounese), Hindi, Hmong (White), Kampangpangan, Khmer, Korean, Espanyol, Tagalog, Vietnamese

Mga Serbisyo: Tirahan/pabahay Mga serbisyo ng suporta Mga serbisyong legal* Therapy/pagpapayo Transportasyon Pagkain at mga toiletry Kahandaan sa trabaho/karera Pangunahing pangangalaga (nakalaan sa lahat anuman ang kakayahang magbayad o katayuan sa imigrasyon) Tulong sa pagpapatala sa saklaw ng kalusugan (Covered California, Medi-Cal, PCAP) Kalusugan sa pag-uugali Sentro ng mga Nakaligtas ng Tortyur Pag-iwas at pagpa-test ng HIV/AIDS Serbisyo sa kalusugan ng matatanda Programa para sa mga kabataan Tulong sa imigrasyon Suporta para sa mga indibidwal na may mga kapansanan.

# Mga Kontak sa Mapagkukunan

## Mga Solusyon sa Komunidad **(VSP)**

877-363-7238

Lugar ng Serbisyo: Santa Clara County & San Benito County

Mga Wika: Espanyol, Triqui

Mga Serbisyo: Mga serbisyo ng suporta Serbisyong legal Serbisyong pinansyal Tirahan/pabahay Therapy/pagpapayo Transportasyon Pagkain at toiletry Kahandaan sa trabaho/karera* Pangangalaga sa bata* Tulong sa imigrasyon Suporta para sa mga indibidwal na may mga kapansanan.

## Legal Advocates for Children and Youth (LACY) **(VSP & LSP)**

408-280-2416 (Intake, hindi krisis)

Lugar ng Serbisyo: Santa Clara County

Mga Wika: Espanyol

Mga Serbisyo: Mga serbisyo ng suporta* Serbisyong legal Tulong sa imigrasyon Suporta para sa mga indibidwal na may mga kapansanan

# Mga Kontak sa Mapagkukunan

## YWCA Golden Gate Silicon Valley (**VSP)**

800-572-2782

Lugar ng Serbisyo: Santa Clara County & Stanford

Mga Wika: Espanyol, Tagalog

Mga Serbisyo: Mga serbisyo ng suporta Serbisyong legal Serbisyong pinansyal* Tirahan/pabahay* Therapy/pagpapayo Transportasyon* Pangangalaga sa bata Pagkain at toiletry Kahandaan sa trabaho/karera* Tulong sa imigrasyon Suporta para sa mga indibidwal na may mga kapansanan*

Lahat ng mga serbisyo ay ibinibigay sa ingles at ang mga wikang nakalista para sa bawat indibidwal na ahensya.

VSP = Tagabigay ng Serbisyo ng Biktima

LSP = Legal na Tagabigay ng Serbisyo

* = Tandaan na maaaring may ilang mga paghihigpit sa serbisyong ito at hindi lahat ng mga serbisyo ay ginagarantiyahan.

# Mga Kontak sa Mapagkukunan

## Bay Area Legal Aid (BALA)(**LSP)**

800-551-5554 (Intake line hindi crisis line)

Lugar ng Serbisyo: Santa Clara County, San Mateo County, San Francisco County, Alameda County, Contra Costa County, Napa County

Mga Wika: Espanyol

Mga Serbisyo: Mga serbisyong legal* Tulong sa imigrasyon

## Katharine and George Alexander Community Law Center (**LSP)**

408-288-7030 ext. 221

Lugar ng Serbisyo: Pangunahin ang Santa Clara County ngunit maaaring tumanggap ng ilang kaso mula sa ibang mga kalapit na county.

Mga Wika: Espanyol; Linya ng wika

Mga Serbisyo: Mga serbisyong legal* Tulong sa imigrasyon Mga karapatan sa trabaho Karapatan ng mamimili Mga interpreter para sa bingi na sertipikado ng ASL

# Mga Kontak sa Mapagkukunan

## Step Forward Foundation **(LSP)**

408-915-8698

Lugar ng Serbisyo: Santa Clara County, San Benito County, and Monterey County

Mga Wika: Espanyol; vietnamese; Linya ng Wika

Mga Serbisyo: Mga serbisyong legal Tulong sa imigrasyon Batas ng Pamilya Batas ng panarbaho Krimen ng galit Maaaring magbigay ng suporta para sa mga indibidwal na may mga kapansanan depende sa kaso.

Lahat ng mga serbisyo ay ibinibigay sa ingles at ang mga wikang nakalista para sa bawat indibidwal na ahensya.

VSP = Tagabigay ng Serbisyo ng Biktima

LSP = Legal na Tagabigay ng Serbisyo

* = Tandaan na maaaring may ilang mga paghihigpit sa serbisyong ito at hindi lahat ng mga serbisyo ay ginagarantiyahan.



VRAP

VICTIM RIGHTS ADVOCACY PROJECT

**Victim Rights Advocacy Project**